# *United Against Hate*
## Programa ng Pakikipag-ugnayan at Pakikibahagi ng Komunidad
### 2022–2024

> *“Sa kabuuan ng ating kasaysayan, at hanggang sa kasalukuyan, may katangi-tanging epekto ang mga krimen ng pagkapoot dahil sa sindak at takot na ipinararanas ng mga ito sa lahat ng komunidad. Walang sinuman sa bansang ito ang dapat magkaroon ng takot sa banta ng karahasan na hatin ng pagkapoot. Patuloy na gagamitin ng Justice Department (Kagawaran ng Hustisya) ang bawat mapagkukunang mayroon ito upang komprontahin ang mga labag sa batas na akto ng pagkapoot, at panagutin ang mga gumagawa nito.”*
>
> —**Attorney General Merrick B. Garland**


Noong Setyembre 2022, inanunsyo ng Attorney General na ilulunsad ng Justice Department ang programa ng pakikipag-ugnayan at pakikibahagi ng komunidad na *United Against Hate* (Nagkakaisa Laban sa Pagkapoot) sa bawat Tanggapan ng mga Abogado sa U.S. (U.S. Attorney's Office, USAO) sa darating na taon.

Sa nakaraang taon, nakipag-ugnayan ang mga USAO sa libu-libong indibidwal sa buong bansa na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga krimen ng pagkapoot at mga insidenteng dulot ng bias at pagpapalakas ng mga ugnayan sa komunidad at tagapagpatupad ng batas sa pamamagitan ng pag-uusap.

## *United Against Hate*
## Mga Mithiin ng Programa



1. **Dagdagan ang pag-unawa at pag-uulat ng komunidad.**
2. **Bumuo ng pagtitiwala sa pamamagitan ng mg komunidad at tagapagpatupad ng batas.**
3. **Lumikha ng mas malalakas na alyansa upang maiwasan at malabanan ang mga krimen ng pagkapoot.**



*Nakakataas na pamunuan ng Justice Department sa isang memoryal para sa mga biktima at nakaligtas sa pag-atake sa Buffalo, New York noong Mayo 14, 2022.*

## Paglaban sa mga labag sa batas na akto ng pagkapoot

Sa pagtugon sa mga lumalaking labag sa batas na akto ng pagkapoot, inatasan ni Attorney General Garland ang Justice Department, sa kanyang unang direktiba noong Marso 2021, na paigtingin ang mga pagsusumikap na labanan ang mga krimen ng pagkapoot at insidente ng pagkapoot. Para matugunan ang panawagang ito, idinisenyo ng Kagawaran ang programa ng pakikipag-ugnayan at pakikibahagi ng komunidad na *United Against Hate*.

Binuong Civil Rights Division (Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil) ng Department ang programang *United Against Hate* na may kritikal na pagtulong mula sa Executive Office of U.S. Attorneys' Offices (Ehekutibong Tanggapan ng mga Tanggapan ng mga Abogado ng U.S., EOUSA), Community Relations Service (Serbisyo ng mga Ugnayang Pangkomunidad), Federal Bureau of Investigation (Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon, FBI), Community Oriented Policing Services Office (Tanggapan ng mga Serbisyo ng Pagpupulis na Nakatuon sa Komunidad), at sa Office of Justice Programs (Tanggapan ng mga Programa ng Hustisya).

## *United Against Hate*
## Mahahalagang Pangyayari

| 94 | 550+ | 18,500+ |
|---|---|---|
| Mga USAO | Mga Event | Mga Kalahok |

Ikinokonekta ng programang *United Against Hate* ang pederal, pang-estado, at lokal na tagapagpatupad ng batas sa mga lokal na komunidad, kabilang ang mga napag-iiwanan sa kasaysayan at maaaring partikular na bulnerable sa mga krimen ng pagkapoot at mga insidenteng dulot ng bias. Ang programa ay hindi lamang nagbibigay ng kaalaman sa mga miyembro ng komunidad tungkol sa mga krimen ng pagkapoot at insidente ng pagkapoot, ngunit nakakatulong din sa pagbuo ng pagtitiwala sa pagitan ng komunidad at tagapagpatupad ng batas at pagpapalakas ng mga lokal na network upang malabanan ang mga labag sa batas na akto ng pagkapoot.

## Istratehiya kung saan nakikibahagi ang lahat

> *“Kung mas malakas ang mga ugnayan sa pagitan ng mga komunidad at tagapagpatupad ng batas, magkakaroon ng mas malaking pananalig ang komunidad na iimbestigahan at seseryosohin ang kanilang mga alegasyon. Ang pagkakataong ito ay nangangailangan ng istratehiya kung saan nakikibahagi ang lahat upang ganap na komprontahin ang mga labag sa batas na akto ng pagkapoot.”*
>
> —**Pangalawang Attorney General para sa mga Karapatang Sibil na si Kristen Clarke**

Ang bawat isa sa 94 na pederal na distrito ay may U.S. Attorney na gumagawa upang maipatupad ang mga batas sa bansa. Sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga event na *United Against Hate*, mahalaga ang mga U.S. Attorney sa pagbuo ng mga ugnayan sa pagitan ng mga lokal na komunidad at pederal, pang-estado, at lokal na tagapagpatupad ng batas. Idinaos ng lahat ng 94 na USAO ang mga event na ito sa iba't ibang setting, kabilang ang mga simbahan, lokal na paaralan at unibersidad, aklatan, galeryang pansining, at sentrong pangkomunidad. Kasama sa mga kalahok at kasamang nagdaos ang mga grupong panrelihiyon; institusyong pang-edukasyon; tagapagtaguyod na organisasyon; pambansa, pang-estado, pantribo, at lokal na organisasyon para sa mga karapatang sibil, at mga lokal na miyemb ro ng komersyo, bukod sa iba pa. Iba-iba ang laki ng mga event mula sa isang dosena hanggang sa dalawang daang kalahok.

> *“Lubos na pinahahalagahan ng komunidad ng Sikh sa Charlotte ang relasyong binuo nito kasama ang U.S. Attorney’s Office . . . . Sa tulong ng Office, lagi naming nagagawang makipag-ugnayan sa pederal na tagapagpatupad ng batas para sa tulong sa anumang hamon ng kinakaharap ng aming komunidad, ito man ay pambu-bully sa paaralan, pagsasanay sa dibersidad sa paliparan, seguridad ng Gudwara, o mga bagay na may kinalaman sa mga karapatang sibil . . . . Nagpapasalamat ang aming komunidad sa lahat ng ginawa ng Office na ito para sa amin.”*
>
> —**Pushpinder Garcha, United Sikhs**



*Idinaos ng U.S. Attorneys' Office sa South Dakota ang event na United Against Hate sa Templong Hindu ng Siouxland.*

Tinatalakay ng programang *United Against Hate* ang iba't ibang paksa, kabilang ang:

- pagbibigay ng kahulugan sa mga krimen ng pagkapoot na taliwas sa mga insidente ng pagkapoot;
- kahalagahan ng pag-uulat ng mga labag sa batas na akto ng pagkapoot;
- mga opsyon ng pagtugon sa mga insidente ng pagkapoot na hindi mga krimen; at
- pagkilala sa mga labag sa batas na pag-uugali kumpara sa pananalitang protektado ng Unang Susog.

Ang bawat distrito ng USAO ay iniaakma sa sarili nilang programang *United Against Hate* upang matugunan ang mga katangi-tanging pangangailangan at karanasan ng lokal na komunidad. Ang ilang kaganapan ay nakatuon sa mga partikular na kalahok, tulad ng mga lider ng pananampalataya, estudyante ng mataas na paaralan, o komunidad ng LGBTQI+. Ang iba ay binigyang-diin ang epekto sa mga nakaligtas at ang kahalagahan ng suporta sa biktima.

## Sama-samang pagbuo ng koneksyon

*“Ang pakikipag-ugnayan sa komunidad ng UAH ay sumasalamin sa kayarian ng dibersidad sa aming distrito. Binibigyang-diin ng aming mga katangi-tanging pakikipag-usap sa mga miyembro ng komunidad ang aming nagpapatuloy na gawain upang mapabuti ang pag-iwas, pag-uulat, at pagresponde ng tagapagpatupad ng batas sa krimen ng pagkapoot, at upang hikayatin ang mga komunidad na makipagtulungan sa amin bilang mga kapantay na katuwang. Kapag pinakikinggan, nauunawaan, at tinutugunan namin ang mga alalahanin, hamon, at pangangailangan ng aming mga komunidad, maaari naming alisin ang mga hadlang, maghanap ng mapagkakasunduan, at tumulong na bumuo ng mga komunidad na malakas, matatag, at ligtas.”*

**—U.S. Attorney Dena King, Western District of North Carolina**

Nakatuon ang mga USAO sa iba't ibang katuwang sa komunidad na kumakatawan sa iba't ibang ekidad at interes sa kanilang mga event na *United Against Hate*. Ang ilang event ay nakatuon sa biktima, kung saan ang mga nakaligtas, tagapagtaguyod ng biktima, at tagapagkaloob ng mapagkukunan ay nagpalalaganap ng kaalaman tungkol sa epekto ng mga krimen ng pagkapoot sa mga komunidad. Nagdaos ang maraming USAO ng hindi bababa sa isang event na nakatuon sa mga isyung kinakaharap ang isa o higit pang mga komunidad na panrelihiyon. At sa pagtaas kamakailan at paulit-ulit na banta ng pagkapoot laban sa mga hudyo, mahigit 30 USAO ang nakatuon sa mga isyung kinakaharap ng kanilang mga lokal na komunidad at lugar na sambahan ng Hudyo.

Sa pagtuon sa pagpapaigting ng pag-uulat ng mga krimen ng pagkapoot at insidente ng pagkapoot, karamihan sa mga USAO ay nakipagtulungan sa mga pang-estado at lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas sa kanilang mga event na *United Against Hate*.




*Nakinig ang mga kalahok sa workshop ng United Against Hate na ibinigay ng U.S. Attorneys’ Office para sa Eastern District of North Carolina.*

# Mga Testimonya

## Isang tumutulong

*“Pagkatapos ng event na nakatuon sa komunidad ng LGBTQI+, isa sa mga dumalong estudyante ang nakipag-ugnayan sa AUSA. Sinabi ng estudyante na ang event ang kauna-unahang pagkakataon sa kanyang buhay na naramdaman niya ang paghahandog ng tulong ng tagapagpatupad ng batas. Sinabi niyang alam niya ang mga hindi naiuulat na krimen ng pagkapoot sa kampus at nagkaroon ng malaking inspirasyon sa event kung saan inaasahan niyang simulan ang gumagawang grupo sa paaralan ng batas sa mga lider ng estudyante na idinisenyo upang paigtingin ang pag-uulat ng mga krimen at insidente ng pagkapoot.”*

**—USAO District of Arizona**




*Nagdaos ang U.S. Attorneys’ Office para sa Northern District of Georgia ng serye ng mga event ng United Against Hate sa mga komunidad sa kabuuan ng kanilang distrito.*

## Nagsasalita ang mga nakaligtas

*“Nagkaroon kami ng seksyon ng pakikinig kasama ang mga miyembro ng mga komunidad ng Afghan at Muslim pagkatapos ng maraming pagpatay na nakaapekto sa mga komunidad na iyon. Nakatulong ito sa amin na kumustahin at alamin kung matutugunan namin ang mga alalahanin ng komunidad sa naging resulta, at nagbigay ito ng forum para sa mga miyembro ng komunidad na iulat ang mga insidente kamakailan.”*

**—USAO District of New Mexico**

## Pinagtutuunan ang mga biktima

*“Bahagyang pinagtuunan ng aming UAH Event ang trauma na naranasan ng mga biktima ng krimen ng pagkapoot, kung hanggang saan ang itatagal ng trauma, at ang kahalagahan ng mga biktimang nagsasalita. Ang aming Coordinator para sa mga Saksi ng Biktima at ang mga taong naging biktima ng mga krimen ng pagkapoot ay nagsalita sa aming programa. Iyon ay naging nakakaantig at makapangyarihan para sa aming tagapanood na makarinig mula sa mga biktima at makita ang pagkawasak na iniwan ng mga krimen ng pagkapoot. Naging napakabuti ang pagtanggap sa programa.”*

**—USAO Eastern District of North Carolina**




*Nagbigay ang mga tagausig ng presentasyon tungkol sa mga batas sa mga krimen ng pagkapoot sa event na United Against Hate na idinaos ng U.S. Attorney's Office para sa District of Rhode Island.*

## Isang direktang linya

*"Nagbunga na ang aming pakikipag-ugnayan ng UAH, habang pinangangasiwaan nito ang nakakatulong na komunikasyon sa pagitan ng U.S. Attorney at lokal na rabbi, na ang kongregasyon ay naging puntirya ng mga banta kamakailan. Noong Hunyo 8, 2023, idinaos namin ang isang virtual na UAH event kasama ang mga namumunong Hudyo sa buong distrito. Mga isang linggo pagkatapos, noong ika-16 ng Hunyo, isang 19 na taong gulang na suspek ang inaresto ng FBI dahil sa pagbabanta ng lansakang pamamaril laban sa mga hudyo na pupuntiryahin ang lokal na sinagoga. Nakibahagi ang rabbi ng pinupuntiryang sinagoga sa pagpupulong ng UAH at nagkaroon ng direktang linya ng komunikasyon sa U.S. Attorney. Hindi lamang pinalakas ng UAH ang kaugnayan ng tanggapan sa pinupuntiryang sinagoga, ngunit nakatulong ito sa pagbuo ng pagtitiwala at kabutihang-loob sa mga pinuno at miyembro ng komunidad ng Hudyo sa buong distrito at estado."*

**—USAO Western District of Michigan**




*Nakipagpulong ang U.S. Attorneys' Office para sa Western District of North Carolina at mga opisyal na tagapagpatupad na batas sa mga kinatawan ng Komunidad ng Sikh sa Gurdwara Khalsa Darbar sa Charlotte.*

# Karagdagang Impormasyon

## I-report ang krimen o insidente ng pagkapoot.

- Kung ikaw ay biktima ng krimen o insidente ng pagkapoot, o nakasaksi nito, tumawag sa 911 o sa iyong lokal na istasyon ng pulisya.
- I-follow up ang iyong report sa FBI online o tumawag sa FBI sa 1-800-CALL-FBI (1-800-225-5324).

## Makipag-ugnayan sa iyong U.S. Attorney.

- Maraming USAO ang nagdaraos ng mga karagdagang programang *United Against Hate*.
- Upang matutunan ang tungkol sa mga event sa iyong distrito ng USAO, makipag-ugnayan sa iyong lokal na United States Attorney.